**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## I. ANG FOUR BIGGEST THREATS

Ang salitang threat o banta ay ang tao o bagay na nagdudulot ng panganib o kapahamakan sa iba. Maraming threats o banta ang kinakaharap mo sa iyong teenage years kaya naman dapat ay handa ka na makilala, harapin at mapagtagumpayan ang mga ito.

Hindi lingid sa kaalaman ng marami na ang sugal ay popular sa ating bansa. Ang pinakapopular na sugal sa Pilipinas ay jueteng. Dahil maliit lamang ang tayaan, bata, matanda, lalaki, babae, ang lahat ay gustong maging one-day-millionaire.

Isa ka ba sa mga kabataang ito?

### Threat No. 3: SUGAL

Ang pagsusugal ay ang pagsali sa anumang laro o aktibidad kung saan tinataya mo ang pera mo o kahit anong bagay na may halaga upang manalo ng salapi. Ang pagsusugal ay maaaring humantong sa addiction. Mahirap paniwalaan at mas mahirap tanggapin. Maraming sugarol ang on-denial kapag addiction na ang pinag-uusapan. Sa America, mayroong Alcoholic Anonymous at mayroon ding Gamblers Anonymous.

Kadalasan, nagsisimula ang mga bata sa kara y cruz, taga-taya sa jueteng, karera at kung ano-anong klase ng sugal. Kapag ang isang tao ay mahilig maglagay ng bet sa kung saan-saang palaro – tulad ng boxing, basketball, karera – pagtagal-tagal ay siguradong patungo na siya sa big-time gambling tulad ng casino (iyon naman ay kung may pera siya). Tulad din ng mga nahihilig sa pag-inom ng alak, ang gambling ay nakaka-addict. At igigiit rin niya na maaari niyang iwasan ito, anytime, kapag mayroon nang sumisita sa kanya. Ito ang tinatawag nating on-denial. Hindi niya matanggap ang katotohanan tungkol sa kanyang problema kahit magkaubus-ubos ang kanyang pera.

**TIME OUT**

Ano ang uri ng sugal na kinahihiligan ng mga kabataan ngayon?

____________________________________________________

Ano ang dahilan kung bakit nahihilig sa sugal ang ilang kabataan?

____________________________________________________

____________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Hebreo 13:5**
Huwag kayong magmukhang pera; at masiyahan na kayo sa anumang nasa inyo. Sapagkat sinabi ng Diyos, “Hindi kita iiwan ni pababayaan man.”

*Keep your life free from love of money, and be content with what you have, for he has said, “I will never leave you nor forsake you.”*

**Kawikaan 13:11**
Mauubos ang kayamanang nakuha sa madaling paraan, ngunit siyang unti-unting nagtitipon ay madaragdagan.

*Wealth gained hastily will dwindle, but whoever gathers little by little will increase it.*

**1 Timoteo 6:9-10**
Ang mga nagnanasang yumaman ay nahuhulog sa tukso at nasisilo sa bitag ng masasama at mga hangal na hangarin na nagtutulak sa kanila sa kamatayan at kapahamakan. Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian.

*But those who desire to be rich fall into temptation, into a snare, into many senseless and harmful desires that plunge people into ruin and destruction. For the love of money is a root of all kinds of evils. It is through this craving that some have wandered away from the faith and pierced themselves with many pangs.*

1. Ayon sa Hebreo 13:5, ano ang ugaling itinuturo sa atin ng talatang ito?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Ayon sa Kawikaan 13:11, anong prinsipyo sa buhay ang matututuhan natin dito?

   ________________________________________

   ________________________________________

3. Ano ang maaaring kahinatnan ng mga taong nagnanasang yumaman ayon sa huling talata na binasa?

   ________________________________________

   ________________________________________

4. Lahat ng tao ay nangangailangan ng salapi para gamitin sa pang-araw-araw na pangangailangan. Hindi masama ang magkaraoon ng salapi. Ayon sa huling talata, kelan nagiging masama ito?

   ________________________________________


   ________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang mga kabataan na nahihilig sa pagsusugal ay bunga ng impluwensya (magulang, pamilya o mga kaibigan), nakakapagbigay enjoyment, social activity, o kaya naman ay outlet ng mga may family or school problem. Ang main goal ay kumita ng malaking pera sa mabilis at madaling paraan. Walang kahirap-hirap.

Card games, lotto, online game gambling at sports betting ang ilan sa mga popular gambling medium ng mga kabataan ngayon. Ito ay hindi lang socially acceptable kundi naa-advertise na rin sa mga gaming apps.

Ano nga ba ang magiging epekto ng pagsusugal sa isang kabataan?




Kung pag-aaralan ang chances of winning sa kahit anong medium na ito, napaka-slim talaga ng chance na ikaw ay manalo. Kaya naman patuloy ang pag-take chance ng isang kabataan thinking na "Try lang ulit, malay mo makuha ko na ang panalo." Hindi niya namamalayan na wala na siyang pera. Minsan napipilitang mangdilihensya para lang may pang puhunan.

May ibang epekto ka pa bang naiisip na hindi nabanggit? Ito ba ang nais mong maging future?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ano ang short term at long term effect pagsusugal?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Kung ang pagsusugal ay walang mabuting maidudulot sa iyong katayuan sa buhay, dapat mo pa bang subukan o ipagpatuloy na gawin ito?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | Makakaiwas ako na ma-hook sa sugal kung: |

**Verse of the Day:**
Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu’y nakahanda ngunit ang laman ay mahina. ***Matthew 26:41***